

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Hodgkin Lymphoma

Ano ang Hodgkin Lymphoma ?

Ang Hodgkin lymphoma ay isang uri ng kanser na nagmumula sa mga tisyu ng kulani sa iba't ibang bahagi ng ating katawan.

Ano ang “immune syatem”?

Ang mga tisyu ng kulani ay bahagi ng sistemang bumubuo sa resistensiya (“immune systems”) ng ating katawan. Ang “lymphoid system” ng ating katawan, ay binubuo ng mga kulani o “lymph nodes” (siyang nagiimbak ng likidong kung tawagin ay “lymph” at “white blood cells”), “lymph”(malinaw na likidong nagtataglay ng “lymphocytes”, bahagi ng “white blood cells” na lumalaban sa impeksiyon), ugat kung saan dumdaloy ang likidong kung tawagin ay “lymph”, pale, “thymus”(bahagi ng katawan na pinagmumulan ng “lymphocytes” matatagpuan malapit sa kanang dibdib), tonsil at “adenoids”.

Ano ang sanhi at uri ng Hodgkin Lymphoma ?

Bagama't may iba't ibang uri ng Hodgkin Lymphoma batay sa anyo nito kapag sinuri sa ilalim ng “microscope”, lahat sila ay taglay ang pambihirang katangiang selyula na kung tawagin ay “Reed-Sternberg”.

Sa kasalukuyan ay hindi pa alam ang tiyak na sanhi ng Hodgkin Lymphoma **bagama't** may mga bagay na sinasabing **mayroong kinalaman o impluwensiya sa pagkakaroon ng sakit na ito**. Kabilang dito ang sakit na “systemic lupus erythematosus” (SLE), “rheumatoid arthritis” (RA), impeksiyon sanhi ng “Epstein Barr Virus” (EBV) at iba pa. Kapansinpansin din na karamihan sa mga pasyenteng may sakit nito ay may mga kamag-anak ng nagkaroon din ng Hodgkin Lymphoma.

Anu-ano ang mga sintomas o palatandaan ng Hodgkin Lymphoma ?

Ang mga senyales at sintomas ng batang may Hodgkin Lymphoma ay nagkakaiba't iba ayon sa bahagi ng katawan na apektado ng tumor. Kabilang sa mga palatandaan na maaaring makita ay ang mga sumusunod: kadalasang paglaki ng kulani sa leeg, kilikili o singit na walang sakit na nararamdaman, paglalagnat, pangangalos, pangangayayat, pagpapawis sa gabi, pangangati, walang ganang kumain, pagsakit ng tiyan pagkatapos makainom ng alak, o di kaya pagkaramdam ng kabusugan. Ang mga nabanggit na palatandaan ay maaaring makita sa loob ng ilang araw o ilang linggo.

Paano malalaman kung ang isang bata ay may Hodgkin Lymphoma ?

Kung ang isang bata ay may isa o higit pa sa mga senyales at sintomas na nabanggit, isang maingat na pagsusuri ang kailangang gawin. Kabilang dito ang pagtatanong sa pangkalahatang kalusugan ng bata at ng mga kapamilya, eksaminasyon ng buong katawan lalo na ang mga malalaking kulani sa leeg, balagat, kilikili at singit at kung lumalaki ang pale.

Ang mga pagsusuri na mahalaga sa pagtukoy ng sakit na Hodgkin Lymphoma ay ang mga sumusunod: eksaminasyon sa dugo, “red blood cell sedimentation rate” (ESR), eksaminasyon ng atay, bato, baga at puso. Mahalaga rin ang isang pagsusuri ng mga baga sa eksrey (“chest x-ray”) at “computed tomography (CT) scan” ng mga baga at tiyan, upang matukoy kung mayroon itong mga malalaking kulani, atay at pale. Maaari ring sumailalim ang pasyente sa “magnetic resonance imaging” (MRI) o “Positron Emission Tomography” (PET) scan kung ang tumor ay hinihinalang kumalat na sa mga buto at iba pang bahagi ng katawan.

Mahalaga ring kumuha ng sapat na bahagi ng kulani na apektado ng tumor, o kung tawagin ay “biopsy” para ito ay masuri ng isang pathologist sa ilalim ng “microscope” at matukoy ang uri ng Hodgkin Lymphoma. Ang nakuhang tisyu ay maaari ring isailalim sa mga espesyal na pagsusuri sa pagtukoy ng sakit na ito.

Kung kinakailangan, maari ring sumailalim ang bata sa tinatatawag na “bone marrow aspiration” o “biopsy” para matukoy kung apektado ito ng tumor. Ang pagsasagawa ng “bone marrow aspiration” ay nangangailangan ng paggamit ng espesyal na karayom upang makakuha ng likidong bahagi ng “bone marrow” mula sa buto ng balakang. Samantala, sa “bone marrow biopsy” gumagamit ng espesyal na karayom upang makakuha ng sapat na matigas na bahagi ng “bone marrow” para ito ay masuri sa ilalim ng “microscope”.

Sa kabuuan, ang mga pagsusuring nabanggit ay maaaring tumagal ng ilang araw at maaaring mangailangan ng pagsangguni sa higit sa isang pathologist na may sapat na kaalaman tungkol sa Hodgkin Lymphoma.

Ano ang ibig sabihin ng “staging”?

Ang “staging” ay isang pamamaraan na sinusunod upang malaman kung ang Hodgkin Lymphoma ay nasa isang bahagi pa lamang o kung kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan. Ang pagbatid sa antas o “stage” ng isang batang may neuroblastoma ay mahalaga hindi lamang sa pagpapalano ng angkop na paggamot, kung di upang mabatid din ang potensyal nitong gumaling.

- Stage I: ang tumor ay nasa isang rehiyon lang ng kulani o isang bahagi lang ng katawan bukod sa kulani
- Stage II: ang tumor ay nasa dalawa o higit sa dalawang rehiyon ng kulani sa parehong bahagi ng “diaphragm” (maaaring sa ibabaw lamang o ilalim lamang ng laman na naghiiwalay sa ating dibdib at tiyan)
- Stage III: ang tumor ay nasa rehiyon ng kulani na matatagpuan sa magkabilang bahagi ng “diaphragm”
- Stage IV: ang tumor ay kumalat na sa baga, atay, buto, balat , “bone marrow”, at ipang bahagi ng katawan

Dapat ding isaalang-alang ang pagkakaroon ng mga sumusunod na sintomas na kung tawagin ay “B” sa pagaantas: matinding pagpapawis sa gabi, paglalagnat kung saan ang temperatura ay umaabot sa higit 38°C at pangangayayat sa higit 10 porsiyento ng timbang nang walang kadahilanan sa loob ng anim na buwan . Kung ang batang may Hodgkin Lymphoma ay nakakaranas nito, ang titik na “B” ay inilalakip sa antas ng tumor. Subali’t kung ito ay wala naman, ang titik “A” ang siyang inilalakip sa antas ng tumor.

Paano pina-plano ang paggamot sa batang may Hodgkin Lymphoma ?

Ang “pediatric oncologist” o espesyalista sa kanser o di kaya “pediatric hematologist” o espesyalista sa mga sakit sa dugo na may sapat na kaalaman sa Hodgkin Lymphoma, ang siyang pangunahing doktor na gagamot sa sakit na ito.


Bukod sa mga nabanggit, maraming doktor na may sapat na kaalaman sa sakit na ito ang magtutulong-tulong upang maibigay ang angkop na paggamot. Kabilang sa mga ito ay ang mga sumusunod: radiologist, radiation oncologist, pediatric surgeon, endocrinologist, neurologist, oncology nurses, pharmacist, psychologists, social workers, physical and occupational therapist at iba pa.

Paano ginagamot ang Hodgkin Lymphoma ?

Ang Hodgkin Lymphoma ay karaniwang ginagamot sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga espesyal at matatapang na gamot na kung tawagin ay “chemotherapy”, ang tintawag na “radiation therapy” o kombinasyon ng parehong pamamaraan ayon sa antas ng tumor.

Ang “radiation therapy” ay gumagamit ng malakas na uri ng enerhiya na nagmumula sa isang makina (“high energy x-rays”) upang patayin ang kanser. Maraming pamamaraan ng pagbigay ng “radiation” sa Hodgkin Lymphoma ayon sa pangangailangan ng batang may sakit nito. Kabilang dito ang: “intensity modulated radiation therapy” (IMRT), “stereotactic radiation therapy”, “proton beam radiotherapy” at “plaque radiotherapy”. Ito ay isinasagawa ng isang radiation oncologist na **siyang dalubhasa sa paggamit nito.**

Layunin ng “chemotherapy” ang pagpuksa sa tumor sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng iba’t ibang matatapang na gamot na maaaring ipainom, iturok sa laman o ipadaan sa ugat (“systemic therapy”). Kung kinakailangan, maari rin itong ibigay sa pamamagitan ng pagineksyon ng gamot sa gulugod upang dumaloy patungong utak o kung tawagin ay “intrathecal chemotherapy”.



Ang mahalagang impormasyon na ito ay mula sa pagsisikap ng Philippine Society of Pediatric Oncology, Inc. (PSPO), isang kasapi ng samahan ng Philippine Pediatric Society (PPS). Para sa iba pang katanungan tungkol sa paggamot ng sakit na ito, hinihikayat ang pagkonsulta sa inyong “pediatric oncologist” na may dalubhasang kaalaman tungkol dito.